

# Mga Alerto sa Text Kaugnay ng COVID-19

## Ano ang mga fact



Ginagawang mas madali ng Virginia na maabisuhan ang mga tao tungkol sa mga positibong resulta ng test para sa COVID-19 — at anonymous na ibahagi ang mga resultang iyon sa iba pa na maaaring na-expose.

Magpapadala ang Departamento ng Kalusugan ng Virginia ng serye ng mga text message sa mga taong nakatanggap ng positibong resulta ng viral test para sa COVID-19 sa Virginia.



### Bakit ako makakatanggap ng text mula sa VDH?

Kung nagbigay ka ng valid na numero ng telepono noong nag-sign up ka para sa test para sa COVID-19, mati-trigger lang ang mga text kapag nakatanggap ang VDH ng positibong resulta ng viral test sa laboratoryo. Manggagaling ang mga text sa 804-336-3915 at ipapadala lang ang mga ito sa pagitan ng 8 a.m. at 8 p.m.

### Ano ang kasama sa text message?

Aalertuhan ka sa pamamagitan ng mga text, na available din sa Spanish, tungkol sa positibong resulta ng test sa COVID-19 at hihikayatin ka nitong manatili sa bahay at umiwas sa ibang tao para mapigilan ang pagkalat ng sakit. Magbibigay din sa mga text ng link sa bagong **Portal ng Code sa Pag-verify ng COVIDWISE**, na magbibigay ng walong digit na code o link na mailalagay mo sa COVIDWISE para anonymous na maabisuhan ang iyong mga close contact tungkol sa potensyal na exposure.



I-download ang COVIDWISE

Available na ma-download ang libreng app sa Mga Notification sa Exposure sa pamamagitan ng App Store at Google Play Store.



Matuto pa sa [COVIDWISE.ORG](https://www.covidwise.org)

# Mga Alerto sa Text Kaugnay ng COVID-19

## Ano ang mga fact



### Bakit dapat akong mag-ulat ng positibong resulta sa COVIDWISE?


Makakatulong ka sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng anonymous na pag-uulat ng iyong positibong resulta. Inaabisuhan ng COVIDWISE ang iba pang user ng app na posibleng na-expose sila. Kapag alam mo ang history ng exposure, nagbibigay-daan iyon sa mga tao na epektibong makapag-self quarantine, makahingi ng napapanahong medikal na atensyon, at mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa iba pa.

### Paano kung wala akong COVIDWISE o COVIDWISE Express sa telepono ko?

Maaari mong i-download ang app sa pamamagitan ng pagbisita sa Apple Store, Google Play o sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa COVIDWISE.org. Dapat ay na-enable ang mga notification sa exposure nang hindi bababa sa 24 na oras bago maisagawa ang mga ito (ibig sabihin, dapat ay na-on mo na ang app at mga notification sa exposure bago ka makapag-ulat ng resulta).

### Ano ang Portal ng Code sa Pag-verify ng COVIDWISE at bakit kailangan ko ng code?

Maa-access ang Portal ng Code sa Pag-verify ng COVIDWISE gamit ang link sa text message o sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://apps.vdh.virginia.gov/CWP>. Available din ang mga link sa portal sa COVIDWISE.org. Magagamit ang mga code sa pag-verify para mag-ulat ng mga valid na positibong resulta ng test para sa COVID-19 sa COVIDWISE. Nagbibigay-daan ito sa COVIDWISE na anonymous na maabisuhan ang mga tao na maaaring na-expose. Napipigilan ng mga code sa pag-verify ang maling pag-uulat. Nagbibigay ang portal sa user ng dalawang opsyon upang makakuha ng code sa pag-verify — sa pamamagitan ng pag-text ng link sa mobile device o pagbuo ng code sa portal para i-paste sa COVIDWISE.



Matuto pa sa [COVIDWISE.ORG](https://www.covidwise.org)



**VDH** VIRGINIA  
DEPARTMENT  
OF HEALTH